BOOK REVIEW

# Talab ng Tambalan: Rebyu ng *Stardom, Film Couples and Love Teams in 1970s Philippine Cinema* ni Chrishandra Sebastiampillai

Andrea Anne I. Trinidad

*Stardom, Film Couples and Love Teams in 1970s Philippine Cinema*. Ni Chrishandra Sebastiampillai. Edinburgh: Edinburgh University Press, 2024. 248 pp.

Laging hamon para sa isang Filipinong babad na sa kultura ng love team sa bansa ang ipaunawa ang penomenong ito sa harap ng banyagang madla na may ibang karanasan ng pagkonsumo sa pelikula, telebisyon, o anupamang uri ng nagsasala-salabid na midya na kapwa nag-aangat sa karera ng mga piling bituin. Katulad ng interesanteng pambungad na inilakip ni Richard Bolisay (2019) sa kaniyang artikulong nagsasalaysay tungkol sa mga partikular na pagkilos ng JaDine love team *fandom* sa online na espasyo ng Twitter na humahanga sa tambalang James Reid at Nadine Lustre, higit na madali ang kumatig sa ipinagpapalagay na pamilyar na mga personahe mula sa global na anyong pangmidya (tulad na lamang ng Hollywood) na itinutumbas sa mas masaklaw na karanasan ng panonood. Sa pagsagot sa tanong na "Ano ang love team?" bilang tugon sa isa pang tanong kung gaano kahanda ang Pilipinas sa isang *gay* love team sa loob ng isang partikular komunidad sa LiveJournal, isang Filipino user ang isinandig ang sagot kina Leighton Meester at Ed Westwick upang ipaliwanag ang industriyal na mekanismo ng lokal na enterteynment na naglalagay sa mga aktor sa *"every tv show and movie together for like, five straight years and always ended up together in all*

*of them, and give out the illusion that they may or may not be dating"* (Bolisay, 2019, pp. 41-42).

Ganito rin ang kinahantungang pagpapaliwanag ni Liza Soberano—aktres na higit na nakilala sa pagiging bahagi ng isang love team kasama si Enrique Gil—na sa kasalukuyan ay kumakatawan sa pinakamatining na boses na tumututol sa kabuoang sistemang masasabing pinagmulan at kinalugaran ng malaking bahagi ng kaniyang karera. Bukod sa pagbabanggit ng tambalang Zac Efron at Vanessa Hudgens na naglalapit sa kaniya sa isang henerasyong maaaring pinalaki ng pelikulang High School Musical (DIVE Studios / 다이브 스튜디오, 2023), nabalingan din niya ng pansin sina Hyun Bin at Seon Ye Jin bilang pares na tumawid ang romansa mula sa pinakakilalang pagganap sa K-dramang pinamagatang  Crash Landing on You patungo sa pagbuo ng aktuwal na relasyong nauwi kalaunan sa kasalanan at pagkakaroon ng sariling pamilya upang ipaliwanag ang penomenon.

Interesanteng maging lunsaran si Liza at ang kaniyang nahinog na paninindigang tutol sa love team upang himayin ang nauugnay ngunit hiwalay na proyekto ni Chrishandra Sebastiampillai na napagtagumpayan ang pagpapanumbalik sa alaala ng mambabasa ang pinagdaanang karera ng mga tambalang Nora "Guy" Aunor at Tirso "Pip" Cruz III at Vilma "Vi" Santos at Edgar "Bobot" Mortiz. Subalit, hindi natapos ang proyekto ni Sebastiampillai sa masinsinang pagpapakilala sa pokus na mga love team para sa nakababatang baguhan sa mga naturang pangalan o sa nostalhikong pagsariwa ng alaala para naman sa madlang direktang nakasaksi sa kabantugan ng parehong pares. Tiniyak din ng akda na ang makasaysayang pagningning nina Guy at Pip at Vi at Bot, ay monumentalisado na ng isang naratibong nagsasalaysay ng kaligirang humulma at hinulma ng sabayang pamamayagpag noong dekada 1970. Ang proyektong ito ay nagsisilbing mahalagang sanggunian para sa lahat—mula sa mga kabataang Filipino na nagkainteres na umusisa sa penomenon matapos ang pasabog na deklarasyon laban dito ng higit na nakikilalang artista sa kasalukuyan na si Liza,  hanggang sa mga nakamasid na banyagang iskolar o propesyonal sa larangan ng midya at enterteynment na kiniliti ang interes na isinilang simula nang magkaroon ng mga oportunidad tungo sa mas mabilis na pag-akses ng mga transkultural na anyong kasalukuyang hinuhubog ng retorika ng pag-uugnayan at patuloy na paglampas sa mga hangganang ibinubunsod ng pagsulong ng kakayahang digital.

Lampas sa naturang dekada, imposible ring hindi kilalanin ang ibinibidang love team ng akda ni Sebastiampillai bilang pares na pinakanamayani sa larangan ng *showbusiness* maski banatin pa ang panahon at gawing batayan ang kabuoang kasaysayan ng enterteynment sa bansa. Panandang-bato na sina Nora, Vilma, Tirso, at Edgar. Hindi man sila ang *alpha* at *omega*—o ang simula at wakas ng penomenon—kanonigo ang pag-iral ng kanilang mga pangalan at ambag sa enterteynment gayong sa kanila nasaksihan ang organisadong kumpas ng industriyang nagtakda ng payak na pagkakaiba sa kung papaano itatampok ang imahen ng mga artista sa madla upang himukin ang pagpanig na binabalingan ng pansin at ginagawang sentral ang kaniya-kaniyang panlasa ng tagasuporta na tila madaling ikategorya.

Sa masinop na pagmamapa ni Sebastiampillai ng katangiang nagpapaiba sa imahen ng pares at sa mga indibidwal na aktor na bumubuo dito, muli't muling napapatingkad ang salungatan na nagiging kapani-paniwalang tila may operatibong *'opposites attract… [different audiences]'* na may kani-kaniyang pinagmumulan at pagpapahalaga. Ito ang nagsisilbing tuntungan ng industriya na hayagang kinakasangkapan ang naturang tropo ng romansa bilang genre na nag-aangat sa love team. Kung ituturing na birtud ang pag-uulit sa love team—kung saan pinakamahalaga ang sapin-saping sirkulasyon ng kanilang imahen, tinig, at kuwento sa iba't ibang anyong pangmidya na mapapanood, mapakikinggan, at mababasa, nakasilid sa mga kabanatang alok ng akda ni Sebastiampillai ang makailang ulit ding pag-alingawngaw tungkol sa pagkakaiba ng pares lalo na kung direktang ikukumpara sa isa't isa.

Kung titingnan ang rehistro ng kanilang pisikal na hitsura sa *screen,* kaagad na litaw na 'opposites attract' ang pinagbatayan ng magkahiwalay na pagtatambal. Gaano man kaepektibong napapakapal ng akda, partikular na sa ikaapat na kabanata na "Reading the Couple: Joint Star Images," ang kuwentong tinutumbok ang magkaibang pinagdaanang relasyon nina Guy at Pip kina Vi at Bot na nabunyag sa madla sa pamamagitan ng dagdag pang materyal tulad ng mga isinapublikong panayam sa magasin at komiks ng kanilang panahon, kung saan higit malubak at batbat ng tunggalian ang tinahak na landas ng una kumpara sa kalmado't payapa ng ikalawa, taglay nilang pareho ang timpladong hulma ng love team na binubuo ng mestizo/za na aktor na ipinapares sa kayumanggi na higit namang nabalingan ng pansin sa ikatlong kabanata na "Producing the Couple: Individual Star Images."

Naitungo ni Sebastiampillai ang ganitong paimbabaw na pagpansin na nakapokus sa kulay ng balat ng mga aktor sa mas malalim na pag-unawa sa mga love team sa pagtatambad ng mga ideolohiyang nakapaloob sa kanilang pag-iral. Bagaman iminumungkahi ng pagkakaiba ng kulay ng balat ang kabukasan sa salungatan, naididiin ng proyekto ni Sebastiampillai na walang puwang sa lahat ng ito ang ganap na pagsalungat sa mga establisado nang pamantayan ng mga institusyong matagal nang nasa poder ng kapangyarihan sa loob ng bansa. Tunay ngang kinikilala ng akda ang kapangyarihan ng love team na nag-aalok ng napakalimitadong oportunidad para sa piling ilan na makatamasa ng panlipunang mobilidad tulad ng ekstraordinaryong kuwento ng pag-alpas ni Nora mula sa kahirapan (Tadiar, 2000). Kinikilala rin nito sa isang banda ang lansakang puwersa ng mga tagahanga na maaari sanang napagmulan ng pisikal na mobilisasyon kung pinili lang na ihanay ang sarili sa kapwa kabataang mas sangkot sa labang politikal ng kanilang panahon. Subalit sa huli, namayani ang katatagan ng mga institusyong lampas sa mga dekada ng kasikatan ng love team ang impluwensiya lalo na't nakaugat ang mga ito sa siglo-siglong pagkakailalim ng bansa sa magkakasunurang pananakop.

Kung may tatlong antas ng pagganap na sinusuong ang mga love team ayon sa naging paglalatag sa unang kabanata na "Theorizing the Couple: What is a Love Team"—pagganap sa piksiyonal na naratibo ng pelikula, pagganap sa harap ng publiko sa propesyonal na kaligirang lampas sa pelikula, at pagganap sa nahahating tago at lantad na personal na buhay—sadya man o hindi, nakapag-aalok si Sebastiampillai ng ikaapat na aspekto. Sapagkat maipagpapalagay na sa kaniyang pagbagtas sa kasaysayan ng love team, nagamit din niyang tau-tauhan ang mga ito upang higit na maipamalay sa mambabasa ang nagpapatuloy na impluwensiya ng sumusunod: Una, ng simbahang Katolika na nagtatakda sa kasagraduhan ng pamilya na nagsusulong ng heteroseksuwal na relasyong nababasbasan ng kasal at ng herarkikal na daloy ng pagpapasya kung saan awtoritatibo ang boses ng mas nakatatanda na sentral na diskurso ng ikaanim na kabanatang "Becoming the Couple;" at ikalawa, ng kosmopolitanong pagpapahalaga ala-*American dream* na iniaangat ang hindi mapasusubaliang kahalagahan ng pagsusumikap sa konteksto ng pagtatrabaho, maski ng mga batang hindi pa naabot ang hustong edad, upang makamtan ang mga nais sa buhay na natumbok naman sa maiikling bahagi ng ikalawang kabanatang "Building the Couple: Industry, Society, and Politics in 1970s Philippines."

Sa pagsisimula sa maimpluwensiyang pares mula isang partikular na dekada, isang buong lipunang naimpluwensiyahan ng nagpatong-patong na latak ng kolonisasyon ang naisasangkot ni Sebastiampillai sa kaniyang proyekto. Ito ang parehong lipunan na sa kasalukuyang konteskto ay naintriga rin at nakilahok sa usap-usapan tungkol sa penomenon bunsod ng kagulat-gulat na pagtiwalag dito ni Liza bilang isa sa mga sinubaybayang aktres na kabilang sa matuturingang pagrurok muli ng penomenon bunsod ng direktang pamamahala ng ABS-CBN noong mga unang taon ng dekada 2010 sa tatlong love team: ang LizQuen, Jadine, at KathNiel (na binubuo nina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla). Sa ganitong pagtatagpo ng mga panahon, ipininta ng akda ang makasaysayang dekada 1970 para sa kasalukuyang mambabasa. Tinanaw nito, sa konteksto ng pag-aaral ng pelikula, ang mga naunang yugto sa kasaysayan na kumondisyon sa panahong ginalawan ng pamosong love team upang kilalanin ang historisidad ng penomenon.

Para kay Sabistiampillai, posibleng pakapalin ang diskusyon tungkol sa genre na *Teenage Jukebox Musical* katulad kaniyang isinagawa sa ikalimang kabanata na "Filming the Couple: The Teenage Jukebox Musical" gayong ito ang nagtawid ng karera ng love team mula telebisyon patungong pinilakang-tabig gamit bilang pangunahing sangkap ang tinatanaw na nagkakaisang simulain ng kanilang mga karera sa musika. Ang oriheng ito rin kasi ang iginigiit niyang naisasantabi lamang ng mga naunang pag-aaral bilang pananda sa pagsapit ng ikalawang ginuntang panahon ng pelikulang Filipino at pinagmulan ng mga kalaunang ipagdiriwang na pangalan gaya nina Nora at Vilma na matalas na magsasaboses ng mga hinaing at pagtutol laban sa malawakang opresyong idinulot ng diktaturyang Marcos sa mga naratibong pupurihin ng mga kritiko.

Iniuugat sa sarsuwela—anyong panteatro na nagtatampok din ng parehong kuwento ng pag-iibigan at mga eksena ng pinagsasaluhang kantahan, may puwang upang lalong igiit ng akda ang paralelismo ng dalawang anyong pinaghihiwalay ng mga dekada ang ekspresyon ng hangaring makalaya mula sa aktuwal na pananakop at sa mga maiiwang bahid nito.

Kapwa nasisilayan sa dalawang pinagtatagpong anyo ang pagtutol: ang interesanteng pagkakalugar ng sarsuwelang may mga naratibong tumatanggi sa pagpapatuloy ng pananakop ng Espanya sa panahong bitag na ng Estados Unidos ang bansa bilang kolonya,[1] at ang unti-unting pagpupundar ng mga kabataang karakter sa Teenage Jukebox

Musical ng gigil na tutulan ang pigura ng magulang bilang awtoridad sa pamilya o ang aproksimasyon nito sa kontekstong politikal ng Pilipinas na tila pasilip sa susuunging laban ng mga kabataang isasandig sa bisa ng pelikula ang kaalaman tungkol kahahanayang maralita (Lumbera, 1983, p. 76) at yayanigin sa pamamagitan ng *"rebellious performance of nonnormative conduct"* (Espiritu, 2017, p. 103) ang patuloy na paghahari ng umaastang ama at ina ng bansa na sina Ferdinand Marcos Sr. at Imelda Marcos pagsapit ng sigwa ng unang kuwatro.

Mahalagang mabatid kaugnay nito kung ano kaya ang ipinahihiwatig ng bukod sa pamamayani ng tema ng pagrerebelde sa pigura ng awtoridad sa Teenage Jukebox Musical, mas naging kapansin-pansin din ang pagbulusok sa kasikatan ng love team na piniling isantabi ang pamilya at ang dikta nito upang kumawing sa mga relasyong hindi ibinibigkis ng dugo. Na baka ang inaamin ng akda na mas angat at mas naisasadiskursong kasikatan ni Nora at ng kaniyang kinabibilangang love team sa ikaapat na kabanata ay umuugat sa pagpapasilip nito ng alternatibo sa higit na namamayaning heteroseksuwal at nuklear na institusyon ng pamilyang sabay na kinikilingan ng naghaharing puwersa ng estado at simbahan na laging tinatangkang paghiwalayin ngunit magkasapakat din naman sa ilang piling pagkakataon.

Sa ganitong kontekstong nagpapahalaga sa mga relasyong nabubuo lampas sa inaasahang paggabay at pagmamahal ng pamilya naimapa ng akda ni Sebastiampillai ang *found family*—dagdag na tropong madalas ding sandigan ng genre na romansa—ng tambalang Guy at Pip. Lampas sa impluwensiya ng establisado nang pamilya ni Pip sa larangan ng musika at sa mapagtunggaling kinasapitan ng pamilya ni Nora bilang dalagang migrante na may paiba-ibang kustodiya mula sa sariling ina sa probinsiya hanggang sa tiyahing gumabay sa kaniya sa kalakaran ng Maynila. Higit na naging sentral sa love team ang naging pagsandig nito sa fans na nakatanggap ng malapit na pagturing na iginigiit sa ikaapat na kabanata kasaama ang mga kakamping nahanap sa naging katrabaho ng pares mula radyo hanggang telebisyon tulad nina Ike Lozada, Inday Badiday, at German Moreno na tampok naman sa ikalimang kabanata.

Sa kabila ng nagawang pasilip ng akda sa posibilidad ng pagrerebelde ng mga kabataang bida na sa labas ng kanilang ginagampanang karakter ay nakahanap ng alternatibong komunidad na sasandigan na tumataliwas sa sentralidad ng pamilya na higit namang kinilingan ng ikalawang pares na sina Vi at Bot, kinikilala din ng akda ang love team bilang sanga ng kulturang popular na lagi nang mananatiling linyado sa

umiiral na kaayusan upang hindi lumabis sa mga itinatakda at natitiyak na kumokompromiso upang hindi mabanat ang hanggahan ng mga pinahihintulutan tulad ng naididiin sa ikaanim na kabanata. Sa kabila ng ganitong pag-amin sa taal nang katangian ng kulturang popular, at kung gayon pati na rin ng love team, napatitingkad pa rin ni Sebastiampillai ang kapasidad nitong maging lunsaran ng mga hiwalay na diskursong nakatutumbok sa lugar ng penomenon sa usaping postkolonyal.

Sa ganitong lente niya lohikal na napagtatagpo ang malalimang pagtalakay sa nabanggit nang estado ng nasyong hinulma ang kasalukuyang pamamalakad ng magkakasunod na kolonisasyon at ang pasundot-sundot na kritisismo sa patuloy na pangingibabaw ng imperyong kumikiling pa rin sa kaputian bilang pamantayan kapangyarihan. Makikita ang bahid ng ikalawa lalo na sa mga bahagi ng ikalimang kabanata na ibinabaling ang pansin kay Elvis Presley upang idiin na pareho ng sa kanya ang pinagdaanang transpormasyon ni Nora mula telebisyon patungong pelikula at kung papaano sa proseso ay ginawang katanggap-tanggap ng kaniyang puting katawan ang musikang Aprikano-Americano. Gayundin, nagkaroon ang akda ng manipis ngunit matalim na pag-usisa sa Hawaii bilang inaasam na destinasyon sa mga pelikula at album na kinatampukan ng pares na bagaman espasyo ng eksploytasyon ng mga manggagawang migrante ay itinatampok sa mundo ng piksiyon bilang katuparan ng pangarap ng mga Filipino na pansamantalang maging kapantay ng imperyo. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit may paghihimok si Sebastiampillai sa Kongklusyon ng kaniyang pag-aaral na sunggaban ng mga iskolar ng larangan ang oportunidad na sinsinin paralelismo ng mga iniluwal ding anyong pansining ng mga dating kolonya na tila ba pumapatungkol sa isang hibla ng kasaysayang pang-enterteynment ng bansa kung kailan namayagpag ang mga *Mexicanovela* bilang sityo ng mga kuwento ng pag-iibigan.

Bukod sa potensiyal na tumungo sa mga tutok na pananaliksik na direktang binubuksan ng Kongklusyon, umaayon din sa panahon ng pagkakalathala ng aklat ang tunguhin ni Sebastiampillai na mapakapal ang nasimulan at napagtagumpayan. Kung babalikan si Liza, na nagawa ring balingan ng pansin sa akda bilang kumakatawan sa "most overt rejection love teams and fan culture around them" (p.209) dahil pinaniniwalaang kasiraan ito lalo na ng mga babaeng artistang naghahangad lang ng paglago, ganap ang interes na nalikha nito na

manaliksik tungkol sa love team at isakay ang mayamang palitang naobserbahan mula sa publiko sa higit na akademikong diskurso.

Nakatulong na kasabay ng mapagyanig na pagtalikod ni Liza, naging laganap din sa panahon ng pagkakalathala ng akda ang patuloy na pagsandig ng industriya sa love team. Pinapatibay man ang lugar sa lokal na enterteynment ng mga baguhang pangalan kagaya ng iniluwal na Dustin-Bianca- Will *love triangle* ng pinakahuling *Pinoy Big Brother: Celebrity Collab Edition* na may pinagbidahan nang pelikula sa ginanap na Metro Manila Film Festival (Severo, 2025) o binabalikan ang lugod na alok ng mga datihang love team tulad ng halos sabayang pagpapanumbalik sa pinilakang-tabing ng naghiwalay nang magkasintahang Joshua Garcia at Julia Barretto (JoshLia) (Libero-Cruz, 2024) at ng may kaniya-kaniyang pinatunguhang karera tulad nina Marvin Agustin at Jolina Magdangal (MarJo) (Toff , 2025), realidad ng mambabasa ang pagkakasaksi sa iginigiit ni Sebastiampillai na patuloy na "binabalot ng impluwensiya ng mga kabataang love team ng dekada 1970 ang kasalukuyang kulturang popular ng Pilipinas" (p. 207).

Nakapaghihimok kung gayon ang mga udyok tungo sa lalo pang pagsiyasat at pag-unawa sa penomenon. At para hindi matisod sa tendensiyang saklawin lang ng mga pag-aaral ang pangangatwirang binuksan ni Liza—kung dapat na bang tuldukan ng industriya ang pagbuo ng love team—nag-aalok si Sebastiampillai ng higit na replektibong dulog na hinahabi ang kasaysayan at inaartsibo ang mga materyal ng kasalukuyang pinagdedebatehang penomenon na kasing tanda na halos ng isaandaang taon mahigit na pag-iral na pelikula at pamemelikula sa bansa.

Madaling maihahalintulad sa *Isekai* (o "ibang mundo") ang kabuong prosesong naisagawa ni Sebastiampillai sa kaniyang akda. Hango sa mas tiyak na pagpapangalan ng genre ng mga Hapon, Isekai ang matuturingang kaligiran na nagpasikat sa isa pang kamakailangang love team—ang BarDa (na binubuo nina Barbie Forteza at David Licauco) na bumida sa *Maria Clara at Ibarra* kung saan inilunan ang mga karakter sa ibang mundo ng *Noli Me Tangere.* Bagaman tahasang pagbanat ang ganitong pagkukumpara, linyado ang ganitong transkultural na paghiram sa naging dulog ni Sebastiampillai na sinimulan ang pag-usisa sa love team sa pagmamapa ng global na korpus ng mga pag-aaral na nagsusuri sa mga kahanay na *media stars at celebrities* sa unang kabanata tulad ng naisakatuparan ng seminal na proyekto ni Richard Dyer na nag-aalok ng masinsin na pag-unawa sa mga indibidwal na

bituin sa pagtatabi-tabi ng mga signipikasyong biswal, berbal, at aural na pumapalibot sa mga ito. Sabay na naihahanay, bukod pa sa mga akademikong diskursong ito, ang aktuwalidad ng penomenon sa mga karatig-bansa sa Asya tulad ng maitatambis na kalakaran sa Bollywood, at sa sineng Thai at Malay.

Pero dahil may ibang mundong pinapasok, humahalaw din si Sebastiampillai ng mahahalagang materyal na nakatagpo mula sa lokal na kaligirang pang-enterteynment noong dekada 1970s. Hindi lang mga artista at kanilang pagtatambalan ang itinatanghal sa kaniyang akda, na kagyat nang kaiba sa indibidwalistikong kultura at kung ganoon obsesyon ng kanluran sa pagsusuri ng kanilang mga nagsasariling bituin. Sa proseso ng pag-usisa sa mga tambalang ito, ipinares din ni Sebastiampillai sa pormal na akademikong diskurso ang kasalungat (o opposite, at kung gayon ay nababagay dahil sa diktum nang nabanggit tungkol sa opposite attract) nitong mahabang talaan ng popular na materyal na posibleng maukilkil mabigyang-saysay lang ang love team. Sentral dito ang pelikula mismo na isa pang mundong kaniyang pinapasok dahil sa mga pansing mistulang naroroon ang may-akda bilang tagamasid na nasasaksihan ang aktuwal na mga pangyayari: kung anong sandali ibabaling ni Nora ang pansin sa kamera, kung aling bahagi ang kakikitaan naman ng pag-iwas ng tingin ni Tirso, at kung anong eksena ang magpapakita ng kalakasan sa pagsayaw si Vilma upang sabay na itampok ang kaibahan ng talento sa kaparehang si Edgar na mas gamay ang pagkanta. Kaakibat ding nabubusisi ang mundo lampas ng pelikula tulad ng mga komiks at magasin ng panahon na mababasahan ng mga linyang direktang halaw mula sa pakikipanayam sa pares upang mahiwatigan ang relasyon nito sa isa't isa, ang puwang na ginagampanan ng kani-kanilang kapamilya at katrabaho, at maging ang pananaw ng isa sa kasabayang tambalan.

Para lubusang maunawaan ang mundo ng 1970s love team na kaniyang pinasok, naging mahalaga rin para kay Sebastiampillai na iugnay ang kaniyang sarili sa mga tagahangang nagtataglay ng higit na kaalaman tungkol sa penomenon. Bago pa tuluyang inusisa ng akda ang lahat ng materyal na posibleng pigain upang bigyang-kabuluhan ang penomenon, isa sa mga unang kinilala at pinasalamatan ng may-akda ang *fans* partikular na ang mga Vilmanian at Noranian na sa ikatlong kabanata ay kikilalanin bilang taong malalapit sa idolo, na karaniwang bumibisita sa kanilang tahanan at nakakasama-sama sa kanilang mga pampublikong proyekto. Sa ganitong pakikipagniig sa mga taong may

higit na kabatiran tungkol sa panahon, napatutunayan ang posibilidad na maging sityo ng pananaliksik ang komunidad ng mga tagahangang may kakayahang patingkarin ang kasalimuotang bumabalot sa tampulan ng debosyon. Na mabunga ang pagdulog sa fandom na may hitik na pananaw at nanganganak na kaalaman tungkol sa kanilang idolo na bagaman matagal nang panahong inaarstibo at inaalagaan ay laging bukas-loob sa pagbabahagi dahil na rin pinakikilos ng intensiyon na patuloy na palaganapin ang legasiya ng mga hinahangaang bituin.

Sa patuloy na pagtatangkang ikumpara ang proyekto ni Sebastiampillai sa Isekai bunga ng epektibo nitong pagpasok sa ibang mundo, nagagawa rin niyang unawain mula sa kasalukuyang konteskto ang nagdaan kung kaya't may ilang bagay na hindi kaagad tinatanggap at pinipilit baguhin. Sa ganitong moda ng kahawig na pagtutol sa umiiral nagsimulang sumulong ang pangalan ni Barbie Forteza na gumanap bilang Klay sa *Maria Clara at Ibarra* na dinala ng tadhana sa mundo ng dakilang nobela ni Rizal. Dahil sa pag-arteng ipinakita sa mahahalagang tagpo kung saan kinuwestiyon at kinontra ang ilang kanonigong eksena sa *Noli Me Tangere,* partikular na kung paano tratuhin ang kababaihan noong panahon na iyon, naging bahagi ng usap-usapan ng manonood ang naipakitang hinog na talento ng dalaga (Bautista, 2022).

Kagaya ni Klay, hindi rin basta-basta tinanggap ni Sebastiampillai ang kinasadlakang posisyon ng Teenage Jukebox Musical sa sineng Filipino. Nakatagpo ang namamayaning pagpapahalaga dito ni Bienvenido Lumbera bilang isa sa mga nangungunang iskolar ng pelikula sa bansa, isinusulong ng proyekto ni Sebastiampillai na may puwang ang genre para sa isang matalik na analisis na nilalampasan din ang karaniwang pagdakila sa naratibo upang itampok ang iba pang elementong maaaring tutukan para epektibong mahimay ang aural at biswal na anyo tulad na lamang ng pansin na kaniyang inilaan sa tagpuan at tunog bilang aspektong nagsusulong paimbabaw na espektakulo, ngunit pailalim na mensaheng nakatutulong sa patuloy na pagpapalakas sa ideolohiya.

Sa huli, kagaya ng kung paano karaniwang winawakasan ang mga kuwentong gumagamit ng mga tropo ng Isekai, bumabalik sa kaniyang kinabibilangang mundo ang bida. At para kay Sebastiampillai, ito ang kasalukuyan na natunton sa unti-unting pagsabay sa daloy ng kasaysayan upang maipaliwanag ang kaniya-kaniyang karerang tinahak ng mga indibidwal na aktor kagaya ng kung papaano hindi nalimot ni Nora na muling katagpuin sa hiwalay na mga proyekto si Tirso upang tugunan ang pangungulila ng mga tagahanga at kung papaano naman

hinulma ni Vilma ang sarili sa mga mas mapangahas na uri ng karakter. Para naman sa mga lalaking artista, makailang-ulit silang inilarawang naangusan sa kasikatan ng katambal nilang babae. Sa kabila nito, sila ang higit na nakapagbibigay ng pagbaling sa pinagmulan sa pag-aalok ng mga konsiyertong aaliw sa mga tagahanga dahil sa intensiyonal na pagsariwa sa mga kanta at pagtatanghal na bumuo sa kanilang nakaraan.

Sa pagpasok nating mambabasa sa mundong alok ng akda ni Sebastiampillai, hindi maiiwasang paganahin ng kalubluban sa penomenon ang sabay nating pag-usisa sa ilang pamilyar na nilalaman nito. Isang halimbawa na ang pagtataka sa kung ano ang sinapit ng genre na Teenage Jukebox Musical sa paglipas ng mga taon. Sa panahon kung kailan patuloy na ipinagdiriwang ang talento ng Filipino sa pagkanta na naabot na ang bawat sulok ng daidig sa kada *viral video* na kakikitaan ng pagbirit, may puwang pa ba ang musika at pag-awit sa pelikula? Katambal pa rin ba ng indayog nito ang paglago ng romansa sa pagitan ng mga karakter? Bakit tila tumutumal na ata ang produksiyon ng musikal bilang karanasang pangsine na isang katanggap-tanggap na alalahanin lalo pa't maiuugat ang simulain ng kabuoang industriya ng pelikula sa sarswela na sabay na tinatahak sa naratibo ang kantahan at kuwento ng pag-iibigan. Kung hindi sa pelikula masisilayan ang pagtatanghal na una nang nakagayuma sa publiko, masasabi bang nasa pangangampanya at politika na ito tulad ng naging pagkasangkapan ng mag-asawang Marcos sa musika na landas na binagtas kalaunan nina Nora at Vilma?

Nananatili man ang mga ganitong tanong bilang palaisipan para sa mambabasa, marapat alingawngawin sa kabila nito ang naging tugon ng humingi ng paglilinaw kung ano ang love team sa siniping anekdota mula kay Bolisay sa pambungad. "Thanks for educating me! (2019, p. 42)!," saad nito. Isang payak na pagkilala sa paglago ng naunang kulang na kamalayan na marapat din bigkasin sa konteksto ng diskursong alok ng akda ni Sebastiampillai. Sa pagkatig ng proyekto sa malamyos na mundo ng teenage jukebox musical na pinagbibidahan ng mga batang-batang love team na puhunan ang kimi at banayad na ekspresyon ng batang pagmamahalan, nahahabi ng *Stardom, Film Couples, and Love Teams in 1970s Philippine Cinema* ang masasalimuot na diskusyong nakapalibot sa talab ng popular na genre.

## References


Bautista, R. (2022, October 20). 9 moments when Maria Clara at Ibarra's Klay was a Gen Z icon. NylonManila.com. https://nylonmanila.com/pop-culture/moments-when-maria-clara-at-ibarra-klay-gen-z-queen/.

Bolisay, R. (2019). "Yes, you belong to me!": Reflections on the JaDine love team fandom in the age of Twitter and in the context of Filipino fan culture. *Plaridel 16* (2), 41-61. https://doi.org/10.52518/2020.16.2-03bolsay.

DIVE Studios / 다이브 스튜디오 (2023, April 28). Liza Soberano on spending money and managing stress | GET REAL S3 Ep. #35. [Video]. YouTube. https://youtu.be/8SrfPJDeLHk?si=zB1ht0ExWbYd-soh.

Espiritu, T. (2017). *Passionate revolutions: The media and the rise and fall of the Marcos regime.* Ohio University Press.

Libero-Cruz, G. (2024, Hulyo 31). Joshua Garcia and Julia Barretto are happy for each other. Metro. Style, https://metro.style/people/digital-covers/joshua-garcia-julia-barretto-unhappy-for-you-metro/38674.

Lumbera, B. (1983). Problems in Philippine film history. Sa R.M. Guerrero (Ed.), *Readings in Philippine cinema,* (pp. 67-78). Experimental Cinema of the Philippines.

Severo J. M. (2025, Agosto 23). *Will Ashley, Bianca de Vera, Dustin Yu film inspired by Claudine Barretto-Rico Yan movie*. Philstar.com. https://www.philstar.com/movies/2025/08/23/2467296/will-ashley-bianca-de-vera-dustin-yu-film-inspired-claudine-barretto-rico-yan-movie.

Tadiar, N.X.M (2000). The Noranian imaginary. Sa R.M. Tolentino (Ed.), *Geopolitics of the visible: Essays on Philippine film cultures,* (pp. 61-76). Ateneo de Manila University Press.

Tan, F. (2022, Disyembre 19). '*Walang Aray' musical stars KD Estrada and Alexa Ilacad share their stage experience*. TheaterFansManila.com. https://theaterfansmanila.com/walang-aray-musical-stars-kd-estrada-and-alexa-ilacad-share-their-stage-experience/.

Toff C. (2025, Mayo 3). *Marvin Agustin and Jolina Magdangal's comeback film 'Ex Ex Lovers' to stream on Netflix this May.* ABS-CBN.com. https://www.abs-cbn.com/entertainment/showbiz/movies-series/2025/5/3/marvin-agustin-and-jolina-magdangal-s-comeback-film-ex-ex-lovers-to-stream-on-netflix-this-may-1029.

## Grant Support Details

**Author Contributions:** All research activities and writing were done by A. A. I. Trinidad. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

**Funding:** The author received no specific funding for this work.

**Acknowledgement:** The author would like to thank all scholars who have engaged in and continue to engage in the study of romance in film. Likewise, to all viewers and fans who have sustained and continue to sustain the genre's vibrant existence across diverse media forms.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.

## About the Author

Si **ANDREA ANNE I. TRINIDAD** (atrinidad@ateneo.edu) ay nakapagtapos ng kursong AB-MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila. Kasalukuyan siyang nagtuturo bilang instruktor sa parehong pamantasan ng mga kurso sa Panitikan, Pelikula, at Kulturang Popular. Interes niya ang mga pag-aaral na nakasentro sa usapin ng paghanga o fan studies, gayundin ang mga pananaliksik na nakapailalim sa genre ng romansa bilang tekstong popular.

## *Plaridel* Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

## How to cite this article in APA

Trinidad, A. A. I. (2026). Talab ng tambalan: Rebyu ng stardom, film couples and love teams in 1970s Philippine cinema ni Chrishandra Sebastiampillai. *Plaridel*, 23(1), 305-318. https://doi.org/10.52518/2026-18trndd

## Endnotes

[1] Halimbawa nito ang Walang Sugat ni Severino Reyes na iniangkop bilang Walang Aray sa pinakahuli nitong produksiyon na pinangasiwaan ng PETA. Ito ay naglunan sa teatro sa baguhang love team na KDLex na binubuo nina Alexa Ilacad (gumanap bilang Julia) at KD Estrada (gumanap bilang Tenyong) na isinilang din ng telebisyon partikular na ng reality show na Pinoy Big Brother (Tan, 2022).